Republic of the Philippines
Department of Education
DepED Complex, Meralco Avenue, Pasig City

APR 30 2009

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 197 , s. 2009

PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP NG SANGFIL

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pangulo/Pinuno ng mga Paaralang Pribado

1. Ang SANGFIL (Sanggunian sa Filipino) na binubuo ng mga Departamento ng Filipino ng iba't ibang kolehiyo't unibersidad ay magdaraos ng Pambansang Seminar-Worksyap sa Hulyo 8-10, 2009 sa National Institute for Science and Mathematics Education Development (NISMED), Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Lungsod ng Quezon.

2. Ang tema ng seminar-worksyap ay "Gurong Giliw: Teknik, Tanong, Tanaw sa Wika at Panitikan ng mga Piling Guro".

3. Layunin ng seminar na maidaos ang taunang konggreso ng SANGFIL na nakatuon sa pagpapahusay ng pagtuturo at pagbuo ng kagamitang panturo. Tiyak na layunin naman nito ang mga sumusunod:

a. maitampok ang ilang piling pinakamahuhusay na guro sa wika at panitikan ng Pilipinas;
b. maipamalas ng mga gurong kalahok ang kanilang natutuhan sa isang worksyap;
c. maidokumento ang mga pilosopiya at estratehiya ng pagtuturo ng pinakamahuhusay na guro sa Filipino sa bansa; at
d. mailathala ang ikatlong SANGFIL Sourcebook na nakatuon sa pagsasalin.

4. Ang tagapangulo at miyembro ng kaguruan mula sa elementarya, hay-iskul at kolehiyo sa Filipino ng bawat kolehiyo at unibersidad ang dapat dumalo sa seminar na ito. Maari ring dumalo ang kaguruan buhat sa iba't ibang departamento o disiplina.

5. Ipadala ang inyong reserbasyon bago dumating ang Hunyo 26, 2009 kay:

Prop. Vina P. Paz
Direktor ng Pambansang Seminar
c/o Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman
IMC Compound, A. Ma. Regidor Street
Area XI, UP Campus, Diliman, Lungsod Quezon

6. Ang mga bayarin sa seminar ay ang mga sumusunod:

| **Bayarin sa Seminar-Worksyap** | | **Bayad sa Pagpapamiyembro** | |
|---|---|---|---|
| Rehistrasyon (non-refundable) | P2,500 – bawat delegado para sa pagkain sa 3 araw, sertipiko, handouts, at conference kit | Institusyon | P500.00 |
| | P500.00 – bawat institusyon para sa taunang butaw (para sa institusyong miyembro na ng Sangfil) | Indibidwal: (Lifetime)<br>(Yearly) | P500.00<br>P100.00 |

7. Magbibigay ng 10% diskuwento para sa makakapagrehistro sa makakapagbayad hanggang Hunyo 22, 2009.

8. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito sa mga kinauukulan.

**RAMON C. BACANI**
Pangalawang Kalihim

Sanggunian:
Wala
Pamumudmod: 1--(D.O. 50-97)
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CONVENTIONS
SEMINARS
SOCIETY or ASSOCIATIONS
TEACHERS
WORKSHOP

Sally: SANGFIL
April 24, 2009